Ano ang Ibig Sabihin ng Reporma ng Batas para sa Pangangalagang Pangkalusugan para sa mga "Seniors" (may edad na 60 pataas)?

Pinagtibay ang batas para sa reporma sa pangangalagang pangkalusugan upang mabigyan ang mga "seniors" (may edad na 60 pataas) ng karadagang pagkakataon na magkaroon ng seguro (na may karampatang halaga at uri) para sa pangangalagang pangkalusugan. Ito ang siyang magpapababa sa halagang mula sa sariling bulsa para sa iniresetang gamot, maghahandog ng pangangalaga para maka-iwas sa sakit, at magpaparami sa mapagpipilian para sa pangunahin at pangmatagalang pangangalaga.

Nagbibigay ang mga klinika sa komunidad at ang mga sentrong pangkalusugan ng pangangalaga na umaangkop sa kultura at wika ng mga pasyenteng pinaglilingkuran, nagbibigay ng tuon sa pag-iwas sa sakit, at matatagpuan sa mga komunidad ng mga pasyenteng pinaglilingkuran. Laging handa ang mga klinika sa komunidad at mga sentrong pangkalusugan para magbigay ng pangangalagang kinakailangan ng mga "seniors" sa komunidad.

Medicare

Simula sa taong ito, makatatanggap ang mga "senior" na papasok sa "Medicare coverage gap" (puwang sa saklaw na halagang binabayaran ng Medicare; o kapag lumampas na sa $2,830, ang kabuuang halaga ng mga gamot) o "doughnut hole" (butas ng pagkaing "donut"; talinghaga ginagamit para sa sitwasyon dahil may butas ang pagkaing ito) ng tsekeng $250 para makatulong sa pagbabayad ng mga may resetang gamot.

- Simula sa Enero 2011, makatatanggap ang mga "senior" na nasa "butas ng donut" ng diskuwentong 50% para sa mga gamot na may pangalan, at lubusan nang tatanggalin ang "butas ng donut" sa taong 2020.
- Simula sa taong 2011, tatanggalin na ang "co-payment" (binabayaran ng taong nakaseguro para sa serbisyong medikal) para sa malawak na saklaw ng mga serbisyo para maka-iwas sa sakit, kagaya ng eksamen para sa kanser sa prostate (glandular na organ na pumapalibot sa urethra ng lalaki sa ibabang bahagi ng pantog), mammogram (x-ray ng dibdib), eksamen para sa dayabetis, at eksamen sa mata para matingnan kung mayroong glokoma.
- Titiyakin ng reporma sa pangangalagang pangkasulugan na mananatiling may sapat na kakanyahang pinansiyal ang Medicare sa susunod na siyam na taon.

Medi-Cal

- Nagbibigay ng mga panghikayat para makatulong sa paglilipat ng mga "senior" mula sa mga "nursing homes" (tahanan para sa pangangalaga; institusyong nabibigay ng pangangalaga para sa may sakit o mga "senior") tungo sa serbisyo para sa pangangalagang pangkalusugan na ibinibigay sa tahanan, o sa mga komunidad. Mahigit sa 330,000 na "senior" sa California ang nasa mga tahanan para sa pangangalaga.
- Tinatanggal ang "co-payment" sa Medi-Cal para sa mga serbisyo para maka-iwas sa sakit.

Ang Seguro sa Programa ng Palitan

- Lahat ng mga planong pangkalusugan ay kinakailangang maghandog ng pangangalaga para sa pag-iwas ng sakit nang walang bayad.
- Simula sa taong 2014, hindi na maaaring tanggihan ng mga kumpanya para sa seguro ang pagbibigay ng seguro na may karampatang halaga at uri para sa pangangalagang pangkalusugan sa mga "senior," na dati nang mayroong mga sakit na kagaya ng kanser, hika, dayabetis, problema sa "orthopedics" (problema sa gulugod at kasukasuan), at "leukemia"(kanser sa dugo),

Long-Term Care (Pangmatagalang Pangangalaga)

- Nagtatag ng isang bagong pambansang boluntaryong programa ng seguro para sa pangmatagalang pangangalaga, at nang makatulong sa mga "senior" na makatanggap ng mga serbisyong pangkalusugan, habang nakatira sa kani-kanilang mga tahanan at komunidad. Magbabayad ang Community Living Assistance Services & Supports Act (CLASS Act) (Programa para sa mga Serbisyo at Suporta para sa Pamumuhay nang may Tulong sa Komunidad) ng humigit-kumulang sa $50 bawat araw para sa mga serbisyo kagaya ng pabahay o personal na tulong.

CPCA California Primary Care Association
Health Care Access for All

CHVC
California H1N1 Vaccination Collaborative

Bilang bahagi ng ating pagsasaalang-alang sa mas malaking kapakanan ng ating komunidad, nananatiling tunay na panganib sa kalusugan ng ating mga pamilya at mga anak ang H1N1, at lubhang napakarami pa ang walang proteksiyon sa pamamagitan ng bakuna para sa H1N1.

Mangyari pong pumunta sa inyong lokal na CCHC para makapagbakuna na ngayon!

Para sa mga katanungan hinggil sa pagpapabakuna, makipag-ugnay po kay Aracely Navarro sa anavarro@cpca.org o sa (916) 440-8170.

Para sa mga karagdagang katanungan hinggil sa reporma sa pangangalagang pangkalusugan, makipag-ugnay po kay Tahira Bazile sa tbazile@cpca.org o sa (916)440-8170.

CALIFORNIA PRIMARY CARE ASSOCIATION
1231 I Street, Suite 400
Sacramento, CA 95814